

Digital na Monitor ng Presyon ng Dugo

Model UA-611Plus / UA-651Plus

Manwal ng Tagubilin Pagsasalin

1WMPD4003710D

1. Minamahal na Mga Customer

- Binabati ka namin sa pagbili mo ng pinakamakabagong A&D monitor ng presyon ng dugo. Idinisenyo para sa dali ng paggamit at katumpakan, magbibigay-daan ang device na ito sa pang-araw-araw mong regimen sa presyon ng dugo.
- Inirerekomenda naming basahin nang mabuti ang manwal na ito bago gamitin ang device sa unang pagkakataon.

2. Mga Paunang Puna

- Idinisenyo ang device para gamitin ng mga nasa hustong gulang (mga adult), hindi ng mga bagong silang o sanggol.
- Kailigiran na paggamitan. Ikaw ang gamit sa device sa kaligiran sa pangangalaga ng kalusugan sa tahanan.
- Idinisenyo ang device na ito para sukatin ang presyon ng dugo at bilis ng pulso ng mga tao para sa diagnosis.


3. Mga Pag-iingat

- Mga presiyon na piyesa ang ginamit sa pagbuo ng device na ito. Dapat iwasan ang mga kalabasin sa temperatura, halumigmig, direktang sikat ng araw, pagkabagsak o alikabok.
- Linisin ang device at cuff gamit ang tuyo, at malambot na tela o telang binasa ng tubig at sabon na neutral ang pH. Huwag kailanman gagamitin ng alcohol, benzene, thinner o matatagang na kemikal para linisin ang device o cuff.
- Iwasan na tupin nang mahigpit ang cuff o itago ang hose na mahigpit ang pagkakatupit nang matagal na panahon, mapapaikli ng ganitong paggamit ang buhay ng mga piyesa nito.
- Mag-ingat para maiwasan ang di-sadyang pagkakasakal ng mga sanggol sa hose at kawad.
- Huwag pipilihin ang hose ng hangin habang pagsukat. Maari itong magdulot ng pinsala dahil sa tuloy-tuloy na presyon ng cuff.
- Hindi water resistant (hindi nababasa) ang device at cuff. Iwasan na marumihan ng ulan, pawis at tubig ang device at cuff.
- Maaring hindi maging tumpak ang mga pagsukat kung ginagamit ang device malapit sa mga telebisyon, microwave oven, cellular phone, X-ray o iba pang mga device na may malakas na electrical field.
- Makakaapekto sa monitor ng presyon ng dugo na ito ang mga device ng wireless na komunikasyon, gaya ng mga networking device sa tahanan, mobile phone, cordless phone at mga base station nito, at mga walkie-talkie. Kaya, dapat na magpanatili ng minimum na distansya na 30 cm mula sa mga naturang device.
- Kapag ginagamit muli ang device, kumpirmahin na malinis ang device.
- Hindi itinuturing na karaniwang basura ng bahay ang mga gamit-nang kamagitan, mga piyesa at mga baterya, at dapat na itapon alinsunod sa mga umiiral na lokal na regulasyon.
- Huwag gagawa ng pagbabago sa device. Maari itong magdulot ng mga aksidente o pagkasira ng device.
- Para sukatin ang presyon ng dugo, dapat na sapat na mapisil ng cuff ang braso para pansamantalang mahinto ang daloy ng dugo sa artery. Maari itong magdulot ng pananakit, pamamahid o pansamantalang pulang marka sa braso. Lilitaw ang kondisyon na ito lalo na kung sunod-sunod ang pag-ulit sa pagsukat. Mawawala ang anumang pananakit, pamamahid, o pamumula sa kalaunan.
- Maaring magdulot ng pinsala sa interference ng daloy ng dugo ang masyadong madalas na pagsusukat ng presyon ng dugo. Tingnan na hindi magresulta ang paggamit sa device sa matagal na pagpipili sa sirkulasyon ng dugo, kapag ginagamit nang paulit-ulit ang device.
- Hindi pa nagsasagawa ng klinikal na pagsukob sa mga bagong silang na sanggol at mga babaeng nagbubuntis. Huwag gagamitin sa mga bagong silang na sanggol o sa mga babaeng nagbubuntis.
- Kung sumailalim ka sa mastectomy, kumonsulta sa isang doktor bago gamitin ang device.
- Huwag payagan na gamitin ng mga bata ang device nang sila-sila lang at huwag gagamitin ang device sa lugar na naaobot ng mga sanggol. Maari itong magdulot ng mga aksidente o pagkasira.
- Mayroong maliit na piyesa na maaring magdulot ng pagkakabulon kung aksidenteng malunon ng mga sanggol.
- Huwag hawakan ang mga baterya, ang DC jack, at pasyente nang magkasabay. Maari itong mauwi sa pagkakakuryente.
- Hugutin ang AC adapter kapag hindi ginagamit habang pagsukat.
- Maaring makakompromiso sa kaligtasan ang paggamit ng mga aksesorya na hindi nakadetalye sa manwal na ito.
- Sakaling mag-short-circuit ang baterya, maaring uminit ito at posibleng magdulot ng pagkakapas.
- Hayaang umakma ang device sa paligid nito bago gamitin (mga isang oras).
- Huwag magkarga ng hangin nang hindi ibinabalot ang cuff sa braso.

Mga Kontraindikasyon


- Ang mga sumusunod ay mga pag-iingat para sa wastong paggamit ng device.
- Huwag ilalapat ang cuff sa braso na may nakakabit na ibang Pangmedikal na De-kuryenteng Kamagitan. Maaring hindi gumana nang wasto ang kamagitan.
 - Dapat kumonsulta sa doktor ang mga taong may malubhang kakulangan sa sirkulasyon sa braso bago gamitin ang device, para maiwasan ang mga problemang medikal.
 - Huwag i-self diagnose ang mga resulta ng pagsukat at i-start ang sariling paggamot. Laging kumonsulta sa doktor mo para sa pagtatasa ng mga resulta at paggagamot.
 - Huwag ilalapat ang cuff sa braso na may hindi pa gumagaling na sugat.
 - Huwag ilalapat ang cuff sa braso na tumatangap ng intravenous drip o pagsasaln ng dugo. Maari itong magdulot ng pinsala o mga aksidente.
 - Huwag gagamitin ang device kung saan mayroong mga naglilyab na gas gaya ng mga anesthetic gas. Maari itong magdulot ng pagsabog.
 - Huwag gagamitin ang device sa mga lugar na mataas ang konsentrasyon ng oxygen, gaya ng high-pressure oxygen chamber o oxygen tent. Maari itong magdulot ng sunog o pagsabog.

4. Pagtukoy sa Mga Piyesa



Display

Tandaan: Walang DC jack para sa AC adapter ang Model UA-611Plus. Makikita ang DC jack sa likuran ng modelong UA-651Plus lang. Isang opsiyonal na aksesorya ang AC adapter. (ibinebenta nang hiwalay)



5. Mga simbolo

Mga simbolo na lumilitaw sa display

Mga simbolo	Function / Kahulugan	Inirerekomandang Aksiyon
♥	Lumilitaw habang may ginagawang pagsukat. Kumukurap ito kapag may nadetektang pulso.	May ginagawang pagsukat. Manatiling hindi kumikilos hangga't maari.
Ⓜ	Lumilitaw ang simbolo ng I.H.B./AFib kapag may nadetektang hindi regular na pagtibok ng puso. Maari itong umiilaw kapag may nadetektang napakahinang pangginging gaya ng pangngingili o pangangatog.	—
M	Naunang pagsukat na nakaimbak sa memory.	—
Ⓜ	PUNO ANG BATERYA Ang indicator ng karga ng baterya habang pagsukat.	—
Ⓜ	MAHINA ANG BATERYA Mahina na ang baterya kapag kumukurap ito.	Palitan ang lahat na mga baterya ng mga bago kapag kumukurap ang marka.
Err	Internal na error ng device	Alisin ang mga baterya at pindutin ang [START] button, at muling ikabit ang mga baterya. Kung patuloy na lumilitaw ang error, makipag-ugnayan sa dealer.
Err	g	—

Err	Hindi matatag na presyon ng dugo dahil sa paggalaw habang pagsukat.	Kumuha ng panibangong pagsukat. Manatiling hindi kumikilos habang pagsukat.
Err	Nasa 10 mmHg ang pagitan ng mga systolic at diastolic sa bawat isa.	—
Err	Hindi tumaa ang halaga ng presyon habang pagkarga ng hangin.	Ilapat nang wasto ang cuff, at kumuha ng panibangong pagsukat.
Err	Hindi nailapat nang wasto ang cuff.	—
E	DISPLAY NG ERROR NG PUL	—
E	Hindi nadetekta nang wasto ang pulso.	—

Mga simbolo na naka-print sa kaha ng device.

Mga simbolo	Function / Kahulugan
Ⓜ	Standby at I-on ang device.
SYS	Systolic na presyon ng dugo sa mmHg
DIA	Diastolic na presyon ng dugo sa mmHg
PUL/min	Pulso kada minuto
Ⓜ	Gabay sa pagkabit ng baterya
Ⓜ	Direct current
Ⓜ	Type BF: Ang device, cuff at tubo ay idinisenyo na magbigay ng espesyal na proteksiyon laban sa pagkakakuryente.
Ⓜ	Nag-manufacture
2020	Petsa ng pag-manufacture
Ⓜ	Hindi itinuturing na karaniwang basura ng bahay ang mga gamit-nang kamagitan, mga piyesa at mga baterya, at dapat na itapon alinsunod sa mga umiiral na lokal na regulasyon.
SN	Serial number
Ⓜ	Sumangguni sa librito/manwal ng tagubilin
Ⓜ	Polarity ng DC jack
IP	Simbolo ng internasyonal na proteksiyon
Ⓜ	Panatilihing tuyo

6. Paggamit sa Monitor

6.1. Pagkabit / Pagpalit ng Mga Baterya

- Alisin ang takip ng baterya.
- Alisin ang gamit-nang mga baterya mula sa sisidlan ng baterya sakaling papalitan ang mga ito.
- Ipasok ang bagong mga baterya sa loob ng sisidlan ng baterya gaya ng ipinapakita, ingatan na wasto ang mga polarity (+ at -).
- Ibalik ang takip ng baterya. Gumamit ng R6P, LR6 o AA na mga baterya lang.

PAG-IINGAT

- Ipasok ang mga baterya gaya ng ipinapakita sa sisidlan ng baterya. Kung mali ang pagkakatupit, hindi gagamit ang device.
- Kapag kumukurap ang [START] button sa display at inangyong ng device na kailangan nang palitan ang baterya, palitan ang lahat na mga baterya ng mga bago. Huwag pagsasamahin ang mga luma at bagong mga baterya. Maaring umikilang ang buhay ng baterya, o magdulot ng pagpapala ng device. Palitan ang mga baterya dalawang segundo o higit pa pagkaraang mag-off ng device.
- Hindi lumilitaw kapag wala nang karga ang mga baterya.
- Nagiba-iba ang haba ng buhay ng mga baterya kasabay ng temperatura ng paligid at maaring mas maikli sa mga mababang temperatura.
- Sa kadalasan, tatagal ang apat na bagong mga R6P battery nang humigit-kumulang tatlong buwan kapag ginagamit sa pagsukat nang dalawang beses sa bawat araw.
- Gamitin ang tinukoy na mga baterya lang. Ang mga baterya na kasama ng device ay para lang sa pagsukob sa paggana ng device at maaring maikli lang ang buhay.
- Alisin ang mga baterya kung matagal na hindi gagamitin ang device. Maaring mag-leak ang mga baterya at magdulot ng pagpapala.

6.2. Pagkabit sa Hose ng Hangin

- Ipasok nang mahigpit ang plug ng air connector sa socket ng hangin.



6.3. Pagkabit sa AC Adapter

- Ipasok ang plug na AC adapter sa DC jack. Pagkatapos, isaksak ang AC adapter sa isang saksakan ng kuryente. Ang AC adapter, ang model TB-233C ay ibinebenta nang hiwalay.
- Kapag hinuhugot ang AC adapter mula sa saksakan ng kuryente, hawakan at hatakin ang katawan ng AC adapter mula sa saksakan ng kuryente.
- Kapag hinuhugot ang plug na AC adapter mula sa monitor ng presyon ng dugo, hawakan at hatakin ang plug na AC adapter mula sa monitor.

6.4. Pagpipili sa Wastong Cuff


- Importanteng gamitin ang wastong laki ng cuff para sa tumpak na basa. Kung hindi wasto ang laki ng cuff, maaring mali ang maging basa sa halaga presyon ng dugo.
- Naka-print ang laki ng braso sa bawat cuff.
- Ang index Δ at saklaw ng wastong suklat, sa cuff, ay nagsasaad kung inilalapat na ang wastong cuff. Sumangguni sa "6.5 Paglapat sa Cuff sa Braso".
- Kung nakaturo ang index Δ sa labas ng saklaw, makipag-ugnayan sa inyong lokal na dealer para makabili ng pamalit na cuff.
- Nakokonsumo ang cuff sa braso. Kung gamit na gamit na ito, bumili ng panibago.

Laki ng Braso	Inirerekomandang Laki ng Cuff	Número sa Katalogo
31 cm hanggang 45 cm	Large Adult cuff	CUF-D-LA-ISO
22 cm hanggang 42 cm	Wide range cuff	CUF-I-ISO
23 cm hanggang 37 cm	Semi Large cuff	CUF-D-MA-ISO
22 cm hanggang 32 cm	Adult cuff	CUF-F-A-ISO
16 cm hanggang 24 cm	Maliit na Cuff	CUF-D-SA-ISO

Laki ng braso: Ang suklat palibot ng biceps.

Mga simbolo na naka-print sa cuff.


Mga simbolo	Function / Kahulugan	Inirerekomandang Aksiyon
Ⓜ	Marka ng Posisyon ng Artery	I-set ang ○ marka sa artery ng braso o kapantay ng palasingingan sa loob ng braso.
Δ	Index	—
Ⓜ	Número sa katalogo	—
L	Saklaw ng wastong suklat para sa large adult cuff. Naka-print ito sa large adult cuff.	—
W	Saklaw ng wastong suklat para sa wide range cuff. Naka-print ito sa wide range cuff.	—
M	Saklaw ng wastong suklat para sa semi large cuff. Naka-print ito sa semi large cuff.	—
A	Saklaw ng wastong suklat para sa adult cuff. Naka-print ito sa adult cuff.	—
S	Saklaw ng wastong suklat para sa maliit na cuff. Naka-print ito sa maliit na cuff.	—
L	Naka-print ang saklaw ng laggas sa adult cuff/semi large cuff/wide range cuff.	Gamitin ang large adult cuff sa halip na adult cuff / semi large cuff / wide range cuff.
S	Naka-print ang saklaw ng kulang sa adult cuff/semi large cuff/wide range cuff.	Gamitin ang small cuff sa halip na adult cuff / semi large cuff / wide range cuff.
M/A	Naka-print ang saklaw ng laggas sa small cuff.	Gamitin ang adult cuff/ semi large cuff sa halip na small cuff.
M	Naka-print ang saklaw ng kulang sa large adult cuff.	Gamitin ang semi large cuff sa halip na large adult cuff.
Ⓜ	Lot number	—
Ⓜ	Pag-manufacture	—
Ⓜ	Medikal na device	—



6.5. Paglapat ng Cuff sa Braso

- Ibalot ang cuff sa palibot ng braso, may 1 hanggang 2 cm sa itaas ng loob ng siko, gaya ng ipinapakita. Ilagay ang cuff nang direkta sa balat, dahil maaring magdulot ng mahinang pulso ang damit at magresulta ng error sa pagsukat.
- Maaring mapigil ng pagbasa sa braso, na dulot ng pagrolyo ng manggas, ang tumpak na basa sa pagsukat.
- Kumpirmahin na nakaturo ang index Δ sa loob ng saklaw ng wastong suklat.


Tandaan: Habang pagsukat, normal para sa cuff na maging mahigpit. (Huwag mababahala).



7. Mga Pagsukat

7.1. Normal na Pagsukat

- Ikabit ang cuff sa braso na kapantay ng puso (mas mainam sa kaliwang braso). Maupo nang tahimik habang pagsukat.
- Pindutin ang [START] button. Ipinapakita ang lahat na mga bahagi ng display. Ipinapakita ang zero na panandaliang kumukurap. Pagkatapos ay magbabago ang display, gaya ng ipinapakita sa pigura sa kanan, sa pagsisimulang pagsukat. Magsisimulang magkarga ng hangin ang cuff. Normal para sa cuff na maging mahigpit, isang indicator ng pressure bar ang ipinapakita, gayang nasa pigura sa kanan, habang pagkarga ng hangin.



- Tandaan: Kung nais mong ihinto ang pagkarga ng hangin sa anumang oras, pindutin muli ang [START] button.
- Kapag tapos nang pagkarga ng hangin, awtomatikong magsisimula ng hangin at kukurap ang [START] button.
 - Kapag tapos nang pagkarga ng hangin, awtomatikong magsisimula ng hangin at kukurap ang [START] button. (marka ng puso), na nagpapabatid na isinasagawa na ang pagsukat. Sa sandaling madedekta ang pulso, kukurap ang marka kasabay ng bawat pitik ng pulso.

Tandaan: Kung hindi makamit ang angkop na presyon, awtomatikong magsisimula muling magkarga ng hangin ang device.

- Kapag tapos na ang pagsukat, ipapakita ang mga basa sa systolic at diastolic na presyon at bilis ng pulso. Papakawalan ng cuff ang nalalabing hangin at ganap nang mawawalan ng hangin.
- Pindutin muli ang [START] button para i-off ang power.

Tandaan: Ang Model UA-611Plus at UA-651Plus ay may awtomatikong power shut-off na function. Magbigay ng 3 minuto man lang sa pagitan ng mga pagsukat sa parehong tao.

7.2. Pagsukat na may Ninanais na Systolic na Presyon

- Kung paulit-ulit ang muling pagkarga ng hangin, gamitin ang mga sumusunod na paraan. Kung inaasahang hitigit ang systolic na presyon mo sa 230 mmHg, gamitin ang pamamaraan na ito.
- Ikabit ang cuff sa braso na kapantay ng puso (mas mainam sa kaliwang braso).
 - Pindutin ang [START] button.
 - Habang kumukurap ang zero i-press and hold ang [START] button hanggang sa lumitaw ang numero na 30 hanggang 40 mmHg na mas mataas kaysa sa inaasahang systolic na presyon.
 - Kapag naobot na ang gustong numero, bitawan ang [START] button para i-start ang pagsukat. Tapos patuloy na sukatin ang presyon ng dugo mo gaya ng inilalarawan sa seksiyon "7.1 Normal na Pagsukat".

7.3. Mga Paalala para sa Tumpak na Pagsukat

- Umupo nang komportable sa silya. Ilapag ang braso mo sa mesa. Huwag ikrus ang mga paa. Panatilihin nakalapat sa sahig ang mga paa mo at ituwid ang likod mo.
- Umupo sa komportableng posisyon. Ilapag ang braso mo sa mesa na nakatitaya ang palad at kapantay ng cuff ang puso mo.
- Ilagay ang gitna ng cuff sa parehong taas ng puso mo.
- Mag-relax nang lima hanggang sampung minuto bago pagsukat. Kung excited o depressed ka dahil sa emosyonal na stress, makikita ang stress na ito bilang mas mataas (o mas mababa) kaysa sa normal na basa ng presyon ng dugo at karaniwang mas mabilis ang basa sa pulso kaysa sa normal.
- Manatiling hindi kumikilos at tahimik habang pagsukat.
- Huwag magsukat agad pagkatapos ng hersisyo o pagligo. Magpahinga nang dalawang o tatlong minuto bago kumuha ng pagsukat.
- Palaging nagbabago ang presyon ng dugo ng isang indibidwal, depende sa kung ano ang ginagawa mo at kung ano ang kinain mo. Ang iniinom mo ay maaring magkaroon ng napakalakas at mabilis na epekto sa presyon ng dugo mo.
- Binabati ng device na ito ang mga pagsukat sa tibok ng puso. Kung napakahina o hindi regular na pagtibok ng puso mo, maaring mahirapan ang device na matukoy ang presyon ng dugo mo.
- Kung may madedekta ang device na hindi normal na kondisyon, ihinto nito ang pagsukat at nag-i-display ng simbolo ng error. Sumangguni sa seksiyon "5. Mga simbolo" para sa paglalarawan sa mga simbolo.
- Iilain ang device na ito na gamitin ng mga nasa hustong gulang. Kumonsulta sa doktor mo bago gamitin ang device na ito sa bata. Hindi dapat gamitin ng isang bata ang device na ito nang walang nagbabantay.
- Subukang sukatin ang presyon ng dugo mo sa parehong oras bawat araw.
- Maaring maapektuhan ang paggana ng awtomatikong monitor ng presyon ng dugo ng labis na inii o halumigmig, o taas ng lugar.

8. Pag-recall sa Data ng Memory

Awtomatikong nag-iimbak ang device ng hanggang animnapung pagsukat ng presyon ng dugo at pulso sa memory. Ang data na inimbak sa memory ay binibigyan ng numero ng data sa pagkasunod-sunod na pinakabago hanggang pinakaluma. Ipinapakita ang pinakaluma bilang "no.". Ipinapahiwatig ng simbolong M sa kaliwang-itaas na sulok ng display na tinitingnan mo ang naunang data na nakaimbak sa memory.

8.1. Pag-recall ng Data

- Kapag walang ipinapakita, i-press and hold ang [START] button. Bitawan ang button M marka. Average na data. Número ng data. Nakaimbak na data. Awtomatikong nag-o-off.



8.2. Pagbura ng Data

- Kapag ino-off ang device, i-press and hold ang [START] button hanggang sa ipakita ang "CLR no.". Kumukurap ang markang M. Nabura ang data. Awtomatikong nag-o-off.
- Piliin ang "CLR YES" para burahin ang data.
- Binubura ang data kapag kumukurap ang markang M.
- Awtomatikong nag-o-off ang device.

9. Ano ang I.H.B./AFib


Kapag may nadetekta ang monitor na hindi regular na ritmo habang pagsukat, lilitaw ang indicator ng I.H.B./AFib sa display kasama ng mga halaga ng pagsukat.

Tandaan: Inirerekomenda namin na makipag-ugnayan sa doktor mo kung madalas mong makita ang simbolo ng I.H.B./AFib na ito.

10. Ano ang AFib

Nagsisikap ang puso dahil sa mga electrical na signal na nagaganap sa puso at nagpapadala ito ng dugo sa buong katawan. Nangyayari ang Atrial fibrillation (AFib) kapag nalilitaw ang electrical na signal sa atrium at nauuwi sa kaguluhan sa pagitan ng pulso. Puwedeng magdulot ang AFib ng pananatili ng dugo sa puso, na maddaling makalilikha ng mga pamumulo ng dugo, na isang dahilan ng stroke at atake sa puso.

11. Indicator ng Pressure Bar



12. Tungkol sa Presyon ng Dugo

Ano ang Presyon ng Dugo?

Ang presyon ng dugo (blood pressure) ay ang pwersa ng dugo sa mga talakop ng mga artery. Nagaganap ang systolic na presyon kapag naghihigpit ang puso. Nagaganap ang diastolic na presyon kapag nagluwang ang puso. Nasusukat ang presyon ng dugo sa millimeters of mercury (mmHg). Kinakatawan ng fundamental pressure ang natural na presyon ng dugo ng isang tao, na nasusukat sa pagiging sa umaga habang nakapahinga at ibang kumain.

13. Indicator ng Klasipikasyon ng WHO

Bawat bahagi ng bar indicator ay katumbas ng klasipikasyon ng WHO sa presyon ng dugo.

- Malubhang alta-presyon
- Katamtamang alta-presyon
- Banayad na alta-presyon
- Mataas na normal
- Normal
- Optimal

14. Pag-troubleshoot

Problema	Posibleng Dahilan	Inirerekomandang Aksiyon
Walang lumilitaw sa display kahit na naka-on ang power.	Wala nang karga ang mga baterya.	Palitan ng bago ang lahat na mga baterya.
Hindi nagkakarag ng hangin ang cuff.	Wala sa tamang posisyon ang mga terminal ng baterya.	Muling ikabit ang mga baterya na tumutugma ang mga negative at positive na terminal sa mga isinaad na sisidlan ng baterya.
Hindi nagkakarag ng hangin ang cuff.	Napakababa ng boltahe ng baterya. Kumukurap ang [START] button nang walang karga ang mga baterya, hindi lilitaw ang marka.	Palitan ng bago ang lahat na mga baterya.
Hindi nagsusukat ang device. Napakataba o napakababa ng mga basa.	Hindi nakalapat nang wasto ang cuff.	Ilapat nang wasto ang cuff.
	Iginawal mo ang braso o katawan mo habang pagsukat.	Tiyakin na mananatili kang hindi kumikilos at tahimik habang pagsukat.
	Hindi wasto ang posisyon ng cuff.	Maupo nang komportable at hindi kumikilos. Ilapag ang braso mo sa mesa na nakatitaya ang palad at kapantay ng cuff ang puso mo.
		Kung napakahina o hindi regular na pagtibok ng puso mo, maaring mahirapan ang device na matukoy ang presyon ng dugo mo.
		Sa klinikal o tanggapan ng doktor, maaring magdulot ng mataas na basa ang pagkabahala. Binabawasan ng pagsukat sa tahanan ang mga epekto ng mga panlabas na salik sa mga basa sa presyon ng dugo, nakadaragdag sa mga basa ng doktor.
		Alisin ang mga baterya. Ikabit muli nang wasto ang mga ito at subukang muli ang pagsukat.

Tandaan: Kung hindi malutas ng mga inilarawang aksiyon sa itaas ang problema, makipag-ugnayan sa dealer. Huwag tangkain na buksan o kumunihin ang produkting ito, dahil magiging hindi balido ang warranty mo kung gagawin ito.

15. Pagmamantini

Huwag buksan ang device. Gumagamit ito ng maseselan na mga piyasang elektrikal at mabubising air unit na maaring masira. Kung hindi mo mayoys ang problema gamit ang mga tagubilin sa pag-troubleshoot, makipag-ugnayan sa awtorisadong dealer sa inyong lugar o sa aming customer service department. Magbibigay ang customer service ng A&D ng teknikal na impormasyon, mga piyasang pamalit at buag unit sa mga awtorisadong dealer.

Idinisenyo ang device para sa mahabang serbisyo. Gayunpaman, karaniwang inirerekomenda na ipasuri ang device bawat 2 taon, para matiyak ang wastong paggana at katumpakan. Makipag-ugnayan sa awtorisadong dealer sa inyong lugar o sa A&D para sa pagmamantini.

16. Teknikal na Data

Uri	UA-611Plus, UA-651Plus
Paraan ng pagsukat	Oscillometric na pagsukat
Saklaw ng pagsukat	Pressure: 0 - 299 mmHg Systolic na presyon: 60 - 279 mmHg Diastolic na presyon: 40 - 200 mmHg Pulso: 40 - 180 tibok / minuto
Katumpakan ng pagsukat	Pressure: ±3 mmHg Pulso: ±5 %